## Mga Tala

A, Ay o Ngay – isang pantig na parating ikinakabit ng mga Ilokano/ Panggasinense sa pakikipag-usap. Ang 'A' ay binibigkas sa *nasal* na pamamaraan.

Agbuggo kayo ti saksakayo bago kayo maturog – Magsipaghugas muna kayo ng paa niyo bago kayo matulog.

Agpayso – 'totoo' o 'talaga' na may hibo ng pagkamangha o pagtatanong.

Agsigsigarilyokan, Lakay? – Magsisigarilyo ka na ba, Lakay?

Aguray – Sandali/saglit lang.

Ania araramidem dita? – Anong ginagawa mo dyan?

Apay? – Bakit?

Apo – Isang nuno o matandang nakatira sa isang bahay. Maaring 'Apo Baket' o 'Apo Lakay' para sa Lolo o Lola. Tawag din sa mga hindi nakikitang nilalang na sinauna pa sa mga tao kaya sinasabi ang 'Kayokayo Apo' kapag dumadaan sa gubat o kapag umiihi sa isang puno at hindi sigurado kung may 'nnanahan' doon. Parang 'Tabi-tabi po' naman para sa mga Tagalog.

Babbaket – matatandang lalaki; anyong pangmaramihan ng 'baket'.

Baket – babaeng nasa wastong edad o may asawa na.

Balong – ginagamit na termino para sa mga pamangking lalaki.

Bartek – wala sa tamang pag-iisip; baliw; lasing.

Binteng – bente-singko sentimos.

Carmen – isang barangay sa Rosales, Pangasinan na dinaraanan ng mga bus mula sa Baguio, Ilocos, at iba pa papuntang Maynila at vice versa. Narito rin ang karamihan sa mga terminal ng bus at jeep.

Danum – tubig.

Diak - Hindi [a]ko. Sa kuwentong ito, mali ang naging paggamit ng 'Diak'. Ang tamang sinabi dapat ni Nat ay 'Haan met siak' o 'Hindi naman ako'.

Haan ka nga kaskasta – Huwag kang gaganyan-ganyan.

Haan met – Hindi naman.

Kunak/ Kunam/ Kunana – Sabi ko/Sabi mo/Sabi niya. Mayroon ding 'kunada' o 'sabi nila'.

Lakay – lalaking nasa wastong edad o may asawa na.

Lallakay – matatandang lalaki (i.e. anyong pangmaramihan ng 'lakay').

Manganen – Kain na.

Maturogkayon – Magsitulog na kayo.

Okinnayo, Okinnam – isang mura sa Ilokano na maaring nangangahulugan ng "Puki niyo!" o "Puki mo." Minsa'y sasabihin din ang 'Okinninam' o 'Puki ni nanay mo'.

Papanam? – Saan ang punta mo?

Rosales – Isang bayan sa Pangasinan. Mula Maynila, ito ang bayan na dadaanan ng bus (pa-Dagupan, pa-Baguio, pa-Ilocos) bago tumawid ng Ilog Agno. Upang makarating sa palengke ng bayan kailangang kumanan bago ang mismong tulay ng Ilog Agno. Kapag kumaliwa, sa Bayan ng Alcala naman ang tungo nito.

Sagmamano daytoy? – Tigmamagkano ito/ang mga ito? Kapag 'mano', pwedeng mangahulugan ng 'ilan' o 'magkano'. Ang tanong na "Mano ti innalam?" ay maaring mangahulugan ng "Ilan ang kinuha/dinala mo?" o "Magkano ang kinuha/dinala mo?"

Salape – singkuwenta sentimos.

Traybayk – tawag ng mga taga-Rosales sa pedicab.